

2 SISTEMA NG TULONG SA PAG-AARAL AT IBA PA

Maaaring gamitin ng mga dayuhang matagalang naninirahan na nahihirapang magpatuloy sa pag-aaral o mag-enrol dahil sa kalagayan ng pamumuhay sa tahanan o iba pang kadahilanang pinansyal ang sumusunod na sistema ng tulong sa pag-aaral

(1) Scholarship ng Prefecture

① Scholarship para sa mataas na paaralan ng Hiroshima prefecture

Taong sakop	Mga mag-aaral sa mataas na paaralan, may address sa loob ng Hiroshima prefecture ang magulang/tagapag-alaga, at kinilalang nahihirapan sa pag-aaral sa kadahilanang pinansyal
Bigay o Pautang	Pautang
Mga uri ng pautang	[Pondo bilang paghahanda sa pagpasok sa paaralan] Pinapahiram bago mag-enrol sa mag-aaral na nasa ikatlong baitang ng Mababang Paaralan na nais pumasok sa Mataas na Paaralan, at iba pa [Scholarship loan para sa pag-aaral] Buwanang pautang sa mga mag-aaral na pumapasok sa Mataas na Paaralan at iba pa
Kumunsulta sa paaralang papasukan ng mag-aaral o sa sumusunod na ugnayan para sa mga katanungan para sa mga detalye ukol sa kondisyon ng pautang, halaga ng pautang at iba pa.	

① Scholarship para sa pagpapabuti sa learning environment sa Mataas na Paaralan

Mga nasasakop	Mga mag-aaral sa Mataas na Paaralan na nabibilang sa sambahayang may kita na exempted sa pagbayad ng residence tax na bumili ng ICT terminal (tablet, computer, at iba pa) para sa mag-aaral na ginagamit sa klase sa Mataas na Paaralan at iba pa, kung saan ang gastos sa pagbili ay sagot ng magulang o tagapangalaga.
Bigay o pautang	Bigay
Ipamamahagi ang detalyadong impormasyon sa mga nasasakop sa pagtanggap ng benepisyo sa bandang Hulyo bawat taon (sa bandang Setyembre para sa pribadong paaralan). Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa paaralang pinapasukan ng mag-aaral o sa sumusunod na ugnayan para sa mga katanungan.	

Para sa mga katanungan

Planning Coordination Section, Education Support
 Promotion Division, Secretariat ng Lupon ng
 Edukasyon ng Hiroshima Prefecture
 9-42 Motomachi, Naka-ku, Hiroshima-shi
 ☎082-513-4996

② Panghikayat sa pag-aaral para sa kursong part-time at kursong pakikipag-ugnayan ng mataas na paaralan

Taong sakop	Mag-aaral na naka-enrol sa kursong part-time at kursong pakikipag-ugnayan ng mataas na paaralan, nahihirapan sa pag-aaral sa kadahilanang pinansyal at may hanapbuhay na regular na napagkukunan ng kita
Bigay o Pautang	Pautang
Mangyaring direktang magtanong sa mataas na paaralan kung saan nakarehistro ang mag-aaral para sa mga detalye tulad ng kondisyon sa pautang, halaga ng pautang at iba pa.	

(2) Iba pang Scholarship

① Independent Administrative Institution Japan Student Services Organization
 Homepage: <https://www.jasso.go.jp/index.html>

Taong sakop	Mga estudyante at mag-aaral na naka-enrol sa mataas na paaralan, junior college, pamantasan (undergraduate), graduate school, mataas na paaralang teknikal o paaralang bokasyonal (mataas na kurso, pandalubhasang kurso) alinsunod sa Batas ng edukasyon sa paaralan.
Bigay o Pautang	Bigay, Pautang
Mangyaring direktang magtanong sa paaralang kinauugnayan para sa mga detalye tulad ng bilang ng taong sakop, halagang ibibigay, paraan ng pagbayad ng utang at iba pa.	

② Scholarship Foundation for Traffic Accident Orphans (*Kōtsūiji Ikueikai*)

Taong sakop	Taong mahirap ang kalagayan ng pamumuhay ng tahanan at nahihirapan sa gastusing pang-edukasyon dahil pumanaw o hindi makapagtrabaho ang magulang/tagapag-alaga sanhi ng malubhang karamdamang naiwan mula sa aksidente sa trapiko sa lansangan, at may “Estudyante sa mataas na paaralan o sa mataas na paaralang teknikal,” “Iskolar sa pamantasan,” “Iskolar sa graduate school,” “Iskolar sa paaralang teknikal at Iba’t ibang paaralan.”
Taong dayuhan ang nasyonalidad	Taong may sumusunod na pahintulot para sa paninirahan, at malinaw na permanenteng maninirahan sa Japan hanggang matapos ang pagsasauli legal na Special permanent resident, Permanent resident, Spouse of Japanese national, Spouse or child of permanent resident, Long term resident
Bigay o Pautang	Pautang
Mangyaring direktang magtanong sa sumusunod para sa mga detalye tulad ng bilang ng taong sakop, halagang ibibigay, paraan ng pagbayad ng utang at iba pa.	

Para sa mga katanungan

Scholarship Foundation for Traffic Accident Orphans
(Kōtsūiji Ikueikai)
 Hirakawachō building 3F
 2-6-1 Hirakawachō, Chiyoda-ku, Tokyo-to
 ☎03-3556-0773 (direktang linya)
 ☎0120-521286 (toll free)

③ Social Welfare Corporation Hiroshima Prefecture Council of Social Welfare

<Proyekto ng pagbibigay ng panghikayat sa pag-aaral at pagpasok sa paaralan para sa mga naulila sanhi ng aksidente sa trapiko>

Taong sakop	Mga bata at mag-aaral na pumapasok sa paaralan na nawalan ng nanay at/o tatay dahil sa aksidente sa trapiko, at nahihirapan o kinilalang nahihirapan sa pagpasok sa paaralan sa kadahilanang pinansyal.
Bigay o Pautang	Bigay (1 beses sa isang taon)
Mangyaring direktang magtanong sa sumusunod para sa mga detalye tulad ng bilang ng taong sakop, halagang ibibigay, at iba pa.	

Para sa mga katanungan

(SW) Hiroshima Prefecture Council of Social Welfare
 12-2 Hijiyamahonmachi, Minami-ku, Hiroshima-shi
 ☎082-254-3411

<Programang pagpapautang mula sa pondo ng pamumuhay at kagalingan (Pondong pansuporta sa edukasyon)>

Taong sakop	Sambahayang mababa ang kita, at mahirap ang pagtuloy sa mas mataas na pag-aaral o pag-ee enrol sa mataas na paaralan, junior college, pamantasan o mataas na paaralang teknikal sa kadahilanang pinansyal (Subalit kailangang matiyak na nanirahan nang 6 buwan o higit pa sa kasalukuyang lugar sa pagtatala bilang residente, at may tiyak na posibilidad na permanenteng manirahan sa hinaharap.)
Bigay o Pautang	Pautang
Mangyaring direktang magtanong sa sumusunod para sa mga detalye tulad ng bilang ng taong sakop, halagang ipapahiram, paraan ng pagbayad ng utang at iba pa.	

Para sa mga katanungan

<Kaugnay sa sistema>
 Life support division ng
 (SW) Hiroshima Prefecture Council of Social Welfare
 ☎082-254-3413
 <Tanggapang pangkonsultasyon sa utang>
 Council of Social Welfare ng lungsod, ward o bayan
 ng pook ng inyong tirahan

④ The Korean Scholarship Foundation

Taong sakop	Estudyanteng Koreano (South Korean o North Korean ang nasyonalidad), mataas ang marka, nahihirapan sa pagbayad ng gastusin sa paaralan, at sumasailalim sa sumusunod na kondisyon 1 Naka-enrol sa mataas na paaralan ng Japan (kasama ang Mataas na paaralang teknikal, Huling kurso sa paaralan para sa sekundaryong edukasyon, Paaralan para sa mga may bukod-tanging pangangailangan) 2 Nakarehistro sa regular na kurso (hindi kasama ang kurso ng pakikipag-ugnayan) ng departamento ng pamantasan (kasama ang junior college) at graduate school sa Japan
Bigay o Pautang	Bigay
Mangyaring direktang magtanong sa sumusunod para sa mga detalye tulad ng bilang ng taong sakop, halagang ibibigay, paraan ng pagbayad ng utang at iba pa.	

Para sa mga katanungan Punong tanggapan: 1-8-1 Nishishinjuku, Shinjuku-ku, Tokyo-to ☎03-3343-5757
 Homepage: <http://www.korean-s-f.or.jp/>

⑤ The Korea Educational Foundation

Taong sakop	1 South Korean ang nasyonalidad, at may pahintulot para permanenteng manirahan sa Japan, hanggang ganap na 30 taong gulang na naka-enrol sa mataas na paaralan, pamantasan o graduate school sa loob ng bansang Hapon. 2 May Hapones na nasyonalidad (kasama ang pinagkalooban ng nasyonalidad), nagme-major sa Korean studies, at may 3 o mas mataas na level sa Pagsusulit ng kakayahan sa wikang Koreano.
Bigay o Pautang	Bigay
Ibibigay na halaga: Estudyante ng mataas na paaralan 120,000 yen, Estudyante sa pamantasan 500,000 yen, Estudyante sa graduate school 1,000,000 yen Mangyaring tingnan ang homepage para sa mga detalye tulad ng qualification sa pag-apply at iba pa.	

Para sa mga katanungan The Korea Educational Foundation
 6F 4-6-18 Mita, Minato-ku, Tokyo-to ☎03-5419-9171
 Homepage: <https://www.kref.or.jp/>

⑥ Hiroshima Prefecture Korean Scholarship Foundation

Taong sakop	South Korean na nakatira sa loob ng prefecture at naka-enrol sa paaralang teknikal o pamantasan
Bigay o Pautang	Bigay
Mangyaring direktang magtanong sa sumusunod para sa mga detalye tulad ng bilang ng taong sakop, halagang ibibigay at iba pa.	

Para sa mga katanungan

Hiroshima Prefecture Korean Scholarship Foundation
7-9 Higashikaniyachō, Higashi-ku, Hiroshima-shi
☎082-264-2345

(3) Pansuporta sa Pagpasok sa Mataas na Paaralan at iba pa

■Pamublikong mataas na paaralan

Taong sakop	Mag-aaral na nakapasok sa mataas na paaralan at iba pa Subalit hindi sakop ang mga sumusunod. 1 Mag-aaral na nakatapos na ng mataas na paaralan o mag-aaral na nakarehistro nang lampas ng 3 taon (4 taon para sa sistemang part-time at pakikipag-ugnayan) (Kasama rin ang panahon kung may panahong nakarehistro dati sa mataas na paaralan at iba pa.) 2 Mag-aaral ng teknikal na kurso, mag-aaral na kumukuha ng asignatura, hindi regular na mag-aaral na nakikinig lang sa lecture 3 Mag-aaral sa sambahayan kung saan ang lahat ng magulang o tagapangalaga at iba pa ay may “standard taxable amount (kita na papatawan ng buwis) x 6% - adjustment deduction para sa municipal residence tax” na may kabuuang halaga na 304,200 yen o higit pa*. *Ang tantiya sa taunang kita ay base sa pamilyang may apat na miyembro, kung saan ang kita ng sambahayan ay nasa 9,100,000 yen o higit pa.
Halagang ibibigay	Katumbas na halaga para sa matrikula (tuition fee) Subalit ang halagang ipinagkakaloob bilang suporta sa pagpasok sa mataas na paaralan ay hindi ibinibigay nang direkta sa mag-aaral mismo at sa halip ay tatanggapin ito ng nagpapalakad ng paaralan mula sa pambansang pamahalaan sa ngalan ng mag-aaral para itustos sa gastos sa pag-aaral at iba pa.
Kailangang mag-apply para makatanggap ng Pansuporta sa pagpasok sa mataas na paaralan at iba pa. Ipinamamahagi ang application form sa paaralan sa panahon ng pagpasok o enrollment sa buwan ng Abril (Oktubre para sa mga papasok sa autumn semester), kaya kailangang isumite ang application form kasabay ng mga kinakailangang dokumento (kopya ng My Number Card, at iba pa) sa paaralan. Para sa karagdagang detalye, sumangguni sa sumusunod na ugnayan para sa mga katanungan.	

Para sa mga katanungan

School Support Section, Education Support Promotion Division, Secretariat ng Lupon ng Edukasyon ng Lungsod/Bayan
9-42 Motomachi, Naka-ku, Hiroshima-shi
☎082-222-3015

(4) Ibinibigay na Tulong sa Pag-aaral sa Estudyante ng Mataas na Paaralan

■Pambansa at Pampublikong mataas na paaralan

Taong sakop	Taong nakakatupad ng sumusunod na kondisyon sa Hulyo 1 (batayang araw) ng taong ito 1 Hindi pinatawan ng Halaga ng pataw na municipal residence tax ayon sa kita ang lahat ng magulang/tagapag-alaga 2 Nakatira sa loob ng Hiroshima Prefecture ang magulang/tagapag-alaga 3 Naka-enrol sa Hulyo 1 ng taong ito ang mag-aaral sa pambansa o pampublikong mataas na paaralan na sakop sa pagbibigay ng pansuporta sa pagpasok sa paaralan
Kailangang mag-apply para makatanggap ng ibinibigay na tulong sa pag-aaral sa estudyante ng Mataas na Paaralan. Ipinamamahagi ang application form sa paaralan tuwing Hulyo bawat taon, kaya pakisumite ang application form kasabay ng kinakailangang dokumento sa paaralan. Para sa karagdagang detalye ukol sa halaga ng kabayaran at iba pa, sumangguni sa sumusunod na ugnayan para sa mga katanungan.	

Para sa mga katanungan	School Support Section, Education Support Promotion Division, Secretariat ng Lupon ng Edukasyon ng Lungsod/Bayan 9-42 Motomachi, Naka-ku, Hiroshima-shi ☎082-222-3015
------------------------	---

(5) Pagbabawas o Pagpapalibre ng Matrikula

■Pampublikong mataas na paaralan

Taong sakop	Mag-aaral na kinilalang nahihirapan sa pagbayad sa tuition fees at iba pa, at sadyang kailangan para sa edukasyon
Halagang ibabawas o ipapalibre	Lahat o bahagi ng bayad para sa matrikula (tuition fee)
Para sa impormasyon ukol sa pagbabawas, exemption, mga pamamaraan at iba pa, mangyaring sumangguni sa papasukang paaralan ng estudyante.	

*Ukol sa (3), (4) at (5), may pareho o katulad na sistema rin sa pribadong mataas na paaralan (kasama ang ilang Paaralang bokasyonal, Iba't ibang paaralan). Mangyaring direktang magtanong sa mataas na paaralan kung saan nakarehistro ang mag-aaral tungkol sa palakad at iba pa.